# *Ang Dios ay Hindi Nagagalak Kapag Hindi Natin Handang Gamitin ang Ating Yaman para sa Kanyang Ministeryo*

***"17 Ang mayayaman sa sanglibutang ito, ay pagbilinan mo na huwag magsipagmataas ng pagiisip, at huwag umasa sa mga kayamanang di nananatili, kundi sa Dios na siyang nagbibigay sa ating sagana ng lahat ng mga bagay upang ating ikagalak." (1 Timoteo 6:17 KJV)***

Ang Panginoon ay nagbigay ng mga kayamanan para sa layuning bigyan ng karagdagang saya at biyaya ang Kanyang bayan sa kanilang buhay at hayaan silang gamitin ang mga kayamanang ito nang naaangkop upang pagpalain ang Dios, sa Kanyang gawa, at sa Kanyang bayan.

Ang mga kayamanan at kalusugan ay mula sa Dios ay hindi dapat maging dahilan upang tayo ay magtiwala o umasa dito. Sa ganitong pagkakataon, kapag ang pera ay nagiging pinagkukunan ng tiwala, kung gayon ito ay magiging dios-diosan at iyon ay pagsasamantala sa yaman.

Sinabi ni Cristo, ***"19 Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa, na dito'y sumisira ang tanga at ang kalawang, at dito'y nanghuhukay at nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw: 20 Kundi mangagtipon kayo ng mga kayamanan sa langit, na doo'y hindi sumisira kahit ang tanga kahit ang kalawang, at doo'y hindi nanghuhukay at hindi nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw: 21 Sapagka't kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doroon ang iyong puso." (Mateo 6:19-21 KJV)*** Ang ibig Niyang sabihin dito ay binigyan tayo ng Dios ng mga kayamanan upang gamitin ito sa Kaharian ng Dios. Kung hindi ito gagamitin sa ganitong bagay, kung gayon ang ating materyal na pagpapala ay hindi maisasalin sa Makalangit na mga bagay, at ang mga ito'y, masisira sa pamamagitan ng ating kamunduhan, kasakiman, at pagibig sa salapi, at sa huli'y mag aakay sa ating kapahamakan.

Mayroong mga nagsasabi na ang mga Cristiano ay hindi dapat kumita ng maraming pera at yaman. Ito ay magiging makatwiran kung ang layunin ay mangolekta ng pera at habulin ito. Ngunit kung ang pera ay dumarating sa isang tao sa pamamagitan ng kanyang makaDios na pamumuhay, kung gayon ay walang masama sa pagiging mayaman at walang masama sa pagkakaroon ng marami basta't siya'y nagtatrabaho kasama ang Dios upang ilaan ang kanyang yaman sa Kaharian ng Dios sa pamamagitan ng makaDios na pamumuhay, paglilingkod, at ministeryo.

Si Cain ay pinagpala ng Dios, ngunit hindi niya handang ibigay ang kanyang unang bunga sa Dios: ***"1 At nakilala ng lalake si Eva na kaniyang asawa; at siya'y naglihi at ipinanganak si Cain, at sinabi, Nagkaanak ako ng lalake sa tulong ng PANGINOON. 2 At sa muli ay ipinanganak ang kaniyang kapatid na si Abel. At si Abel ay tagapagalaga ng mga tupa datapuwa't si Cain ay mangbubukid ng lupa. 3 At nangyari nang lumalakad ang panahon ay nagdala si Cain ng isang handog na mga bunga ng lupa sa PANGINOON. 4 At nagdala rin naman si Abel ng mga panganay ng kaniyang kawan at ng mga taba ng mga yaon. At nilingap ng PANGINOON si Abel at ang kaniyang handog: 5 Datapuwa't hindi nilingap si Cain at ang kaniyang handog. At naginit na mainam si Cain, at namanglaw ang kaniyang mukha. 6 At sinabi ng PANGINOON kay Cain, Bakit ka naginit? at bakit namanglaw ang iyong mukha? 7 Kung ikaw ay gumawa ng mabuti, di ba ikaw mamarapatin? at kung hindi ka gumawa ng mabuti, ay nahahandusay ang kasalanan sa pintuan: at sa iyo'y pahihinuhod ang kaniyang nasa, at ikaw ang papanginoonin niya." (Genesis 4:1-7 KJV)***

Ayaw tustusan ni Nabal si David sa kanyang misyon upang paglingkuran ang Dios, kahit na binantayan ni David at ng kanyang mga tauhan ang mga kawan ni Nabal at ang kanyang mga tauhan. ***"2 At may isang lalake sa Maon, na ang mga pag-aari ay nasa Carmelo; at ang lalake ay lubhang dakila, at siya'y mayroong tatlong libong tupa, at isang libong kambing; at kaniyang ginugupitan ng balahibo ang kaniyang tupa sa Carmelo. 3Ang pangalan nga ng lalake ay Nabal; at ang pangalan ng kaniyang asawa ay Abigail: at ang babae ay matalino, at may magandang pagmumukha; nguni't ang lalake ay masungit at masama sa kaniyang mga gawa; at siya'y supling sa sangbahayan ni Caleb. 4 At narinig ni David sa ilang na ginugupitan ni Nabal ng balahibo ang kaniyang tupa. 5 At nagsugo si David ng sangpung bataan, at sinabi ni David sa mga bataan, Umahon kayo sa Carmelo, at kayo'y pumaroon kay Nabal, at batiin ninyo siya sa aking pangalan: 6 At ganito ang sasabihin ninyo sa kaniya na nabubuhay na maginhawa, Kapayapaan nawa ang sumaiyo, at kapayapaan nawa ang sumaiyong sangbahayan, at kapayapaan nawa ang suma lahat ng iyong tinatangkilik. 7 At ngayo'y aking narinig na ikaw ay nagpapagupit ng balahibo ng tupa; ang iyong mga pastor nga ay nasa sa amin, at hindi namin inano sila, o nagkulang man ng anomang bagay sa kanilang buong panahon na kanilang ikinaroon sa Carmelo. 8 Tanungin mo ang iyong mga bataan at kanilang sasaysayin sa iyo: kaya't makasumpong nawa ng biyaya sa iyong mga mata ang mga bataan; sapagka't kami ay naparito sa mabuting araw: isinasamo ko sa iyo, na ibigay mo ang anomang masumpungan mo ng iyong kamay, sa iyong mga lingkod, at sa iyong anak na kay David. 9 At nang dumating ang mga bataan ni David, kanilang sinalita kay Nabal ang ayon sa lahat ng mga salitang yaon sa pangalan ni David, at nagsitahimik. 10 At sinagot ni Nabal***

***ang mga lingkod ni David, at nagsabi, Sino si David? at sino ang anak ni Isai? maraming mga bataan ngayon sa mga araw na ito na nagsisilayas bawa't isa sa kaniyang panginoon. 11 Akin nga bang kukunin ang aking tinapay at ang aking tubig, at ang aking hayop na aking pinatay dahil sa aking mga manggugupit, at aking ibibigay sa mga tao na hindi ko nakikilala kung taga saan? 12 Sa gayo'y ang mga bataan ni David ay pumihit sa kanilang lakad, at nagsibalik, at naparoon, at isinaysay sa kaniya ang ayon sa lahat ng mga salitang ito." (1 Samuel 25:2-12 KJV)***

Ang pakikipagkita ng mayamang tagapamahala kay Cristo ay isa pang halimbawa ng mga umiibig na magkaroon ng salapi ngunit hindi handang pasiyahin ang Dios sa kung anong sila'y pinagpala. ***"18 At tinanong siya ng isang pinuno, na sinasabi, Mabuting Guro, anong gagawin ko upang magmana ng walang hanggang buhay? 19 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Bakit mo ako tinatawag na mabuti? walang mabuti, kundi isa, ang Dios lamang. 20 Talastas mo ang mga utos, Huwag kang mangalunya, Huwag kang pumatay, Huwag kang magnakaw, Huwag kang sumaksi sa di katotohanan, Igalang mo ang iyong ama at ina. 21 At sinabi niya, Ginanap ko ang lahat ng mga bagay na ito buhat pa sa aking pagkabata. 22 At nang marinig ito ni Jesus, ay sinabi niya sa kaniya, Isang bagay pa ang kulang sa iyo: ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at ipamahagi mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin. 23 Datapuwa't nang marinig niya ang mga bagay na ito, siya'y namanglaw na lubha; sapagka't siya'y totoong mayaman. 24 At sa pagmamasid sa kaniya ni Jesus ay sinabi, Pagkahiraphirap na makapasok sa kaharian ng Dios ang mga may kayamanan! 25 Sapagka't magaan pa sa isang kamelyo ang pumasok sa butas ng isang karayom, kay sa isang taong mayaman na pumasok sa kaharian ng Dios." (Lucas 18:18-25 KJV)*** Ang mayamang tagapamahalang ito ay mayaman, ngunit hindi niya handang sundin ang hiling ni Cristo na gamitin ang kanyang mga kayamanan para sa Dios at biyayaan ang mga nangangailangan.

Laging hinamon ni Jesus ang mga mayayamang tao na ilipat ang kanilang atensyon mula sa mundo, umiwas sa kanilang kasakiman, at lumapit sa Dios at gamitin ang kanilang mga yaman para sa paglilingkod sa Dios.

Ang pagsisisi ni Zaqueo ay isang mabuting pangyayari upang pag aralan kung paano siya naligtas mula sa pagkaalipin sa kasakiman at paninikil.

***"1 At siya'y pumasok at nagdaan sa Jerico. 2 At narito, isang lalake na tinatawag sa pangalang Zaqueo; at siya'y isang puno ng mga maniningil ng buwis, at siya'y mayaman. 3 At pinagpipilitan niyang makita si Jesus kung sino kaya siya; at hindi mangyari, dahil sa maraming tao, sapagka't siya'y pandak. 4 At tumakbo siya sa unahan, at umakyat sa isang punong kahoy na sikomoro upang makita siya: sapagka't siya'y magdaraan sa daang yaon. 5 At nang dumating si Jesus sa dakong yaon, ay siya'y tumingala, at sinabi sa kaniya, Zaqueo, magmadali ka, at bumaba ka; sapagka't ngayo'y kinakailangang ako'y tumuloy sa bahay mo. 6 At siya'y nagmadali, at bumaba, at tinanggap siyang may tuwa. 7 At nang makita nila ito, ay nangagbulongbulungan silang lahat, na nangagsasabi, Siya'y pumasok na nanunuluyan sa isang taong makasalanan. 8 At si Zaqueo ay nagtindig, at sinabi sa Panginoon, Narito, Panginoon, ang kalahati ng aking mga pag-aari ay ibinibigay ko sa mga dukha; at kung sakali't nakasingil akong may daya sa kanino mang tao, ay isinasauli ko ng makaapat. 9 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Dumating sa bahay na ito ngayon ang pagkaligtas, sapagka't siya'y anak din naman ni Abraham. 10 Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala." (Lucas 19:1-10 KJV)***

Ang Jericho ang unang bayan na nakapasok ang mga Israelita at sinakop mula sa Lupang Pangako. Ito ang bayang sinumpa at hindi maaring maitatag. Ngunit ito ay nangyaring itatag muli at natagpuan natin dito na si Jesus ay pumasok sa bayang ito at sa huli'y ang sinumpang baya'y tumanggap ng pagpapala ni Jesus. Ang mga tao ay naligtas sa pagdalaw na ito ni Jesus sa bayan ng Jericho. Sa natatangi si Zaqueo at ang kanyang pamilya ay naligtas bilang bunga ng pagdalaw na ito ni Jesus. Kaya't kailangan nating magsikap na dalhin si Jesus sa bawat lungsod upang ang Kanyang kaligtasan ay dumaloy sa ibang tao.

Si Zacqueo ay isang mayamang tao, ang punong maniningil ng buwis. ***"2 At narito, isang lalake na tinatawag sa pangalang Zaqueo; at siya'y isang puno ng mga maniningil ng buwis, at siya'y mayaman." (Lucas 19:2 KJV)***

At mula sa ating binasa mula sa salayasay naunawaan natin na siya ay isang mandaraya at maninikil gamit ang kanyang trabaho upang magkapera mula sa kasakiman at pananamantala sa mga tao na inilagay ng batas sa ilalim ng kanyang kapangyarihan upang maningil ng buwis sa kanila.

Nakakamangha nakita natin si Jesus ay tinawag ang makasalanang iyon at pumasok sa kanyang bahay. Tunay ang Panginoon ay dumating at hinanap at niligtas ang mga naliligaw. ***"10 Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala." (Lucas 19:10 KJV)*** Maaring tawagin ni Jesus ang anumang uri ng mga makasalanan, gaya ng mga nagbebenta ng laman, magnanakaw, mangkukulam, atbp. Ngunit hindi

lamang iyon; tinawag ni Jesus si Zaqueo at pumasok sa kanyang bahay dahil si Zaqueo ay pinakita ang mga tanda ng pagsisisi.

Tinitingnan ng tao ang panlabas na anyo ngunit tinitingnan ng Dios ang puso. Isinulong ni Zacqueo ang kanyang pagnanais na makita at makatagpo ang Panginoon mula sa kanyang panloob na pananalangin; mula sa kanyang kagustuhang talikuran ang kanyang buhay ng kasamaan, pabalik sa Dios at sundan ang mga landas ni Cristo. Maaari nating makita ang mga sumusunod na punto tungkol sa kanyang pagsisisi at gaya ng mga sumusunod:

***1. Siya'y nagkusang makita si Jesus:*** Siya ay pandak ngunit tumakbo at umakyat sa isang puno upang makaiwas sa masa at upang malaman kung sino si Jesus: ***"3 At pinagpipilitan niyang makita si Jesus kung sino kaya siya; at hindi mangyari, dahil sa maraming tao, sapagka't siya'y pandak. 4 At tumakbo siya sa unahan, at umakyat sa isang punong kahoy na sikomoro upang makita siya: sapagka't siya'y magdaraan sa daang yaon." (Lucas 19:3-4 KJV)*** Ginamit ni Zaqueo ang pagkakataon upang magsisi at bumalik sa Dios. Binigay ng Dios sa mga to ang mga pagkakataon upang magsisi ngunit kung hindi kayang isuko ang kanilang mga kasalanan kung gayon hindi nila gagamitin ang pagkakataon upang magsisi. Makikita dito na si Zaqueo ay handang magsisi. Maging siya ay pandak, siya ay tumakbo at umakyat sa isang puno upang makita ang Panginoon. Ang pagsisisi ay isang pagkakataon mula sa Panginoon, gamitin ito, at huwag sayangin ito, dahil maaaring hindi na dumating itong muli sa iyon.

***2. Sumunod siya sa Panginoon kaagad: "5 At nang dumating si Jesus sa dakong yaon, ay siya'y tumingala, at sinabi sa kaniya, Zaqueo, magmadali ka, at bumaba ka; sapagka't ngayo'y kinakailangang ako'y tumuloy sa bahay mo. 6 At siya'y nagmadali, at bumaba, at tinanggap siyang may tuwa." (Lucas 19:5-6 KJV)*** Nang ang Panginoon ay nagsalita sa kanya na bumaba, sumunod siya kaagad. Kapag narinig ng mga tao ang pagtawag ng Dios, marami ang hindi tumugon kundi sinubukang ipagpaliban ito dahil sila'y naakit sa mga bitag ng mundo. Ang pagsisisi ni Zaqueo ay malinaw at ang kanyang layunin sa kanyang puso ay hindi nagdalawang isip nang tawagin siya ni Jesus. Maraming tao kapag tumatawag ang Dios sasagutin nila ang Panginoon, 'Hindi sa panahong ito,' 'Siguro sa susunod na taon,' 'Oh Panginoon ako ay isang makasalanan,' atbp. Ang pagsisisi ni Zaqueo ay malinaw, tiyak, at hindi siya nagdadalawang isip nang tinawag siya ni Jesus. Sumunod kaagad sa Panginoon at tanggapin at gawin kung ano ang hinihiling niyang gawin mo.

***3. Masayang niyang tinanggap si Cristo: "6 At siya'y nagmadali, at bumaba, at tinanggap siyang may tuwa." (Lucas 19: 6 KJV)*** Si Cristo kapag nais niyang pumunta sa iyong buhay at pumasok sa iyong tahanan at sa iyong pamilya ay isang biyaya sa iyo at ito'y para sa iyong ikabubuti. Maraming tao sila'y natatakot kapag tinatawag sila ng Dios at sila'y nalulungkot at takot dahil sa kanilang pakiramdam ay kailangang isuko ang mga kayamanan at kasiyahan ng mundong ito. Ngunit ipinakita ni Zacqueo ang kanyang pagsisisi nang masaya niyang tinanggap si Cristo at natuwang marinig mula kay Jesus, ***"sapagka't ngayo'y kinakailangang ako'y tumuloy sa bahay mo."*** Magalak na tanggapin si Cristo sa iyong buhay. Magalak na sumunod kay Cristo, at malaman na ang pananatili ni Cristo sa iyo at pagkakaroon sa iyo ay nangangahulugan na kailangan mong isuko ang iyong sariling buhay at kalooban ng buo sa KANYA.

***4. Hindi siya nangatuwiran sa kanyang mga kasalanan at maling gawain:*** Ang mga tao ay nangabulungan nang nakita nilang pumasok si Jesus sa bahay ni Zaqueo. ***"7 At nang makita nila ito, ay nangagbulongbulungan silang lahat, na nangagsasabi, Siya'y pumasok na nanunuluyan sa isang taong makasalanan." (Lucas 19:7 KJV)*** Narito si Zaqueo nang narinig niya iyon ay hindi ipinagtanggol kanyang sarili o nagsalita ng masama laban sa mga taong bumatikos sa Panginoon. Ang sinabi ng mga tao tungkol kay Zaqueo ay tama, sa pagiging makasalanan, at tinanggap niya iyon. Hindi niya itinanggi o nagbigay katuwiran sa kanyang mga kasalanan. Ang kasakiman at paninikil ay mga kasalanan at ang tunay na pagsisisi ay kunin ang pananagutan para sa ating mga kasalanan at huwag magalit kapag hinarap nila tayo. Ang ilang mga tao sa halip ng pagsisisi, sila'y nakikipag away sa mga taong hinarap sila ng katotohanan. Ang pagsisisi ay tanggapin lahat ng iyong mga kasalanan at huwag gumanti kapag ikaw ay hinaharap nila.

***5. Itinuwid ni Zaqueo ang kanyang masamang patotoo:*** Nakilala ni Zaqueo na ang kanyang mga kasalanan ay nagbunga ng masamang bagay sa patotoo sa Panginoon, kaya'y agad siyang nagkusang ituwid ang kanyang sariling maling mga gawain. ***"8 At si Zaqueo ay nagtindig, at sinabi sa PANGINOON, Narito, PANGINOON, ang kalahati ng aking mga pag-aari ay ibinibigay ko sa mga dukha; at kung sakali't nakasingil akong may daya sa kanino mang tao, ay isinasauli ko ng makaapat." (Lucas 19:8 KJV)*** Huwag dapat tayong maging kabilang sa mga hindi nagsisi kapag narinig nila ang iba na nagsasalita tungkol sa kanilang mga kasalanan. Ilagay sa iyong isip na ang iyong mga kasalanan ay masamang mga patotoo sa Panginoon, kaya'y siyasatin ang iyong sarili ngayon at maging tapat na magsisi at magkusang ituwid ang iyong masamang patotoo.

***6. Handang ibigay ni Zaqueo sa Dios ang nararapat sa Kanya:*** Si Cristo sa ***Lucas 18*** ay nakilala ang mayamang batang lalaki at ang sumusunod ay nangyari, ***"22 At nang marinig ito ni Jesus, ay sinabi niya sa***

***kaniya, Isang bagay pa ang kulang sa iyo: ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at ipamahagi mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin. 23 Datapuwa't nang marinig niya ang mga bagay na ito, siya'y namanglaw na lubha; sapagka't siya'y totoong mayaman." (Lucas 18:22-23 KJV)*** Maaaring nakaabot sa pandinig ni Zaqueo ang sinabi ni Jesus sa mayamang lalaki at si Zacqueo ay handang ibigay ng kusa sa mga mahihirap. ***"8 At si Zaqueo ay nagtindig, at sinabi sa PANGINOON, Narito, PANGINOON, ang kalahati ng aking mga pag-aari ay ibinibigay ko sa mga dukha; at kung sakali't nakasingil akong may daya sa kanino mang tao, ay isinasauli ko ng makaapat." (Lucas 19:8 KJV)*** Sa gayong paraan, kailangan nating ibigay sa Dios kung anong hinihiling sa atin na ibigay sa Kanya at sa ipinapahayag ng Kanyang Salita.

***7. Ang handog ni Zacchaeus ay hindi isang huwad na handog:*** Maraming tao ang nag-aalok ng pagkain at naghahanda ng mga salo-salo upang itago ang pandaraya at katiwalian na kanilang ginagalawan. Iyon ay hindi pagsisisi. Ang mga kasalanan ay pinatatawad sa pamamagitan ng dugo ni Jesus at ang kaligtasan ay natatanggap lamang sa pamamagitan ng pagsisisi. Ang kaligtasan ay libre at hindi natin maaring gamitin ang ating pera o anumang materyal na bagay upang matamo ang ating kaligtasan. Huwag nating gamitin ang ating pera upang makagawa ng kaibigan at makakuha ng suporta mula sa mga tao na sang-ayon sa ating mga pagkakamali. Ang pagbibigay ni Zacqueo ay hindi upang itago ang kanyang kasalanan kundi upang magbayad sa Dios at gawin ng may kaukulang pagsisikap ang sinasabi ng Kanyang Salita. Kailangan nating magsisi mula sa ating mga kasalanan at iyon ang paraan upang tanggapin ang kaligtasan ng Dios dahil hindi natin kayang ibigay ang materyal na mga bagay upang bayaran ang ating kaligtasan.

***8. Handang ibalik ni Zaqueo ang kanyang kinuha o ninakaw: "8 At si Zaqueo ay nagtindig, at sinabi sa PANGINOON, Narito, PANGINOON, ang kalahati ng aking mga pag-aari ay ibinibigay ko sa mga dukha; at kung sakali't nakasingil akong may daya sa kanino mang tao, ay isinasauli ko ng makaapat." (Lucas 19:8 KJV)*** Handang batahin ni Zaqueo ang mga bunga ng kanyang mga kasalanan at handang bayaran ang mga dinaya niya ayon sa Salita ng Dios, ***"1 Kung ang isang lalake ay magnakaw ng isang baka, o ng isang tupa at patayin, o ipagbili: ay kaniyang pagbabayaran ng limang baka ang isang baka, at ng apat na tupa ang isang tupa." (Exodu 22:1 KJV)*** Ang pagsisisi mula sa kasakiman at pandaraya ay dapat samahan ng panunumbalik at pagbabayad sa mga taong nararapat. Kailangan nating magbayad at magbigay kabayaran sa mga nagdulot ng kawalan dahil sa ating mga kasalanan.

***9. Naisip ni Zaqueo na siya at ang kanyang pamilya ay dapat maligtas: "9 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Dumating sa bahay na ito ngayon ang pagkaligtas, sapagka't siya'y anak din naman ni Abraham." (Lucas 19:9 KJV)*** Nakilala ni Zaqueo na ang kanyang kasakiman at pagibig sa salapi ay magdadala sa kanyang pamiya sa kapahamakan. ***"27 Siyang sakim sa pakinabang ay bumabagabag ng kaniyang sariling sangbahayan: nguni't siyang nagtatanim sa mga suhol ay mabubuhay." (Kawikaan 15:27 KJV)*** Batid niya na kinakailangan niyang magsisi upang ang sumpa ay hindi bumagsak sa kanyang mga anak. Sa kanyang pagsisisI nakuha niya ang pagkakataon upang turuan ang kanyang mga anak sa pamamagitan ng kanyang mabuting halimbawa ng pamumuhay ng tapat at kuntento, malayo sa kasakiman, paninikil at pagibig sa salapi. Ang mga magulang na nagsisi ay ang pinaka mabuting mga guro para sa kanilang mga anak. Sila'y mga anak ni Abraham sa pananampalataya at gawa upang palakihin ang kanilang mga anak sa makaDios na paraan gaya ng sinabi ng Dios tungkol kay Abraham. ***"18 Dangang si Abraham ay tunay na magiging isang bansang malaki at matibay, at pagpapalain sa kaniya ang lahat ng bansa sa lupa? 19 Sapagka't siya'y aking kinilala, upang siya'y magutos sa kaniyang mga anak at sa kaniyang sangbahayan pagkamatay niya, na maingatan nila ang daan ng PANGINOON, na gumawa ng kabanalan, at kahatulan; upang padatnin ng Panginoon, kay Abraham ang kaniyang ipinangako tungkol sa kaniya." (Genesis 18:18-19 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang kahulugan ng Zaqueo ay **'dalisay'.** Nais ng Dios sa atin na maging tunay na dalisay. Ang ating mga pangalan ay mayroong mabubuting kahulugan, ngunit ang ating mga patotoo ng buhay ay dapat ding makitang mabuti at maging kalugod lugod sa Dios. Ang katapatan at pananampalataya ay inaasahan mula sa atin sa mga bagay na ipinagkatiwala sa atin na gawin. Ang mga materyal na bagay na ibinigay sa atin ng Dios ay dapat gamitin para sa gawain ng Dios at para sa pagpapalaganap ng Kanyang Kaharian. Samakatuwid, italaga ang iyong sarili sa pagtawag ng Dios at sa mga espirituwal na tuntunin na natutunan mo sa mensaheng ito habang ikaw ay nagsisisi at sumasang-ayon na manalangin.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa lahat ng materyal na pagpapala na Aking tinanggap mula sa iyo. Panginoon Ako'y nagpapasalamat para sa iyong salita na ipinakita sa aking malinaw ang iyong mga landas ng buhay na kailangan kong sundan.*

*Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikdan ang iyong masamang pangangasiwa at pagsasayang ng iyong mga kayamanan sa maling direksyon at sa iyong hindi maayos na pangangasiwa sa*

*iyong pananalapi at paggastos sa hindi kinakailangang mga bagay. Magsisi sa iyong kamunduhan at pagibig sa materyal na mga bagay. Magsisi sa iyong pagibig sa pera, kasakiman, pandaraya, pagnanakaw, paninikil, pananamantala, pagnanakaw sa Dios at hindi handang ibigay sa mga gawain ng Dios. Magsisi sa iyong kawalang kahandaang magdusa para kay Cristo at sumabay sa Kanyang kalooban at sa plano na mayroon Siya para sa iyo. Magsisi sa iyong kawalang kahandaang maglingkod sa Dios at gawin ang mga gawaing inihanda ng Dios na gawin para sa iyo. Panginoon Ako'y nagsisi at tinatalikdan ang sumusunod na mga kasalanan ____________________.*

*Panginoon handa aking ibalik at bayarran ang idinulot kong mga pinsala sa mga sumusunod na mga tao ____________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na ibigay ang nararapat sa iyo at para sa dukha at nangangailangan, at sa ministerio na inilaan mong gawin ko. Panginoon ipinangako ako ang aking sarili na gamitin ang aking mga kayamanan na ibinigay mo sa kin na gawin ang mga gawain mo at mamuhunant sa iyong mga ministerio at itatag ang iyong simbahan.*

*Panginoon lumapit at manahan ka sa aking buhay, sa aking tahanan at sa aking pamilya. Ipinangako ko ang aking buhay na mamuhay para sa iyo at maglingkod sa iyo ayon sa iyong Salita. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na magpakarami ng mga bunga ng Banal na Espiritu upang makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at handang ituwid ang kanilang mga landas at pasakdalin ang kanilang mga sarili upang maging kapaki-pakinabang, masagana, at epektibong mga lingkod mo. Panginoon, puspusin mo sila ng Banal na Espiritu at gamitin ang kanilang mga buhay at patotoo upang mangaral at dalhin ang iba sa iyo. Panginoon, gamitin mo ang kanilang mga buhay at kanilang mga yaman para sa iyong layunin at kaluwalhatian at upang itayo ang iyong simbahan. Panginoon, patuloy mong gabayan sila sa buong kalooban mo sa kanilang mga buhay. Panginoon, protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan upang patuloy silang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang simbahan at tulungan kami habang kami'y nagpapatuloy na ituro at ipahayag ang iyong Salita at iyong kalooban. Panginoon kami'y nagpapasalamat para sa lahat ng mga kayamanan na ibinigay mo sa simbahan, Panginoon dalangin namin na gagamitin namin ito para sa iyong kaluwalhatian at itatag ang iyong simbahan at tulungan ang mga gawain mo. Panginoon kami'y nagpapasalamat para sa lahat ng mga manggagawa na inilaan ang kanilang mga buhay para paglingkuran ka kasama namin. Panginoon dalangin namin na paging dapatin kami na sanayin at gamitin sila ayon sa iyong plano at layunin. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami nf Espirutuwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na magpatuloy at mag evangelio, at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang bagong mga manggagawa na yumaon at magtanim ng maraming pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon dalangin namin para sa maraming tao na mabautismuhan ng tubig at tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com